

## Banghay – Aralin sa Filipino II


**May-Akda** Antonio C. Lagundi  
**Designation** Master Teacher II  
**Paaralan** CENTEX Manila

### I. Layunin

1. Nailalarawan ang mga kaugalian ng mga tauhan sa kuwento
2. Nakapagbibigay ng sariling hinuha patungkol sa kuwento
3. Nakapagbabahagi ng sariling opinyon tungkol sa tekstong binasa

### II. Paksang-Aralin

1. **Pamagat:** “Ako si Kaliwa, Ako si Kanan”
2. **May-akda:** Russell Molina
3. **May-guhit:** Ibarra Crisostomo
4. **Pagpapahalaga:** Pagmamahal sa kapatid



### III. Pamamaraan

#### 1. Pagganyak


Ipakita ang larawan ng kambal na “identical twins.” Gamit ang word web, hayaan ang mga batang magbigay ng paglalarawan sa kambal.



#### 2. Paghawan ng Balakid

Isulat sa meta cards ang mahahalagang salita mula sa kuwento at ipakilala ang mga ito gamit ang pocket charts.



Talakayin ang talasalitaan, at itanong sa mga mag-aaral kung ano ang maaaring nalalaman nila tungkol dito. Tukuyin ang kahulugan ng bawat salita at gamitin ito sa pangungusap.

Salita	Pamaraan	Pangungusap
1. hinubog	Pagpapakita ng larawan o video 	Halimbawa:  Hinubog ang tsinelas ayon sa hugis ng paa.

Salita	Pamaraan	Pangungusap
2. porma	Pagpapakita ng larawan o pagbibigay ng halimbawa	Halimbawa: Gumawa ang panadero ng keyk na pormang puso. Ang hugis nito ay angkop para sa pagdiriwang ng Valentine's Day.
3. tumbang preso	Pagpapakita ng larawan o video 	Halimbawa: Madalas akong lumabas sa kalsada para maglaro ng tumbang preso kasama ang aking mga kaibigan.
4. pamato	Gamitin ang larawan o video ng tumbang preso. Tanungin: Ano ang mga ginagamit sa paglalaro ng tumbang preso? Ano ang gamit ng tsinelas?	Halimbawa: Ang pula kong tsinelas ang lagi kong ginagamit na pamato sa tumbang preso.
5. saranggola	Pagpapakita ng tunay na bagay 	Halimbawa: Kasama ko si tatay magpalipad ng saranggola nitong Linggo.
6. namumukol	Paggamit sa konteksto at pagkilos nito	Halimbawa: Hindi lamang sa tumbang preso nagagamit ang tsinelas. Minsan, ginagamit din namin ito kapag namumukol ng prutas sa puno.
7. silong	Pagpapakita ng larawan	Halimbawa: Hanap kami nang hanap sa aming alagang aso na natutulog lang pala sa silong ng bahay.

Salita	Pamaraan	Pangungusap
8. ibubuga	Paggamit sa konteksto	Halimbawa:  May ibubuga pa ang lumang sasakyan ng tatay. Kaya pa kami nitong dalhin sa kung saan saan.

### 3. Pagbasa sa Kuwento

- Ipakita sa mga mag-aaral ang aklat na babasahin at hingin ang kanilang hinuha tungkol sa kuwento sa paraan nang pagsasagawa ng isang *picture walk*. Maglaan ng ilang segundo sa bawat pahina upang maayos na maipakita ang mga larawan sa kuwento.
- Pagkatapos ng picture walk, basahin ang kuwento bilang isang klase sa pamamagitan ng *shared reading* upang maipakita ng guro ang tamang pagbasa at mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay dito.

### 4. Pagkatapos Bumasa

Anyayahan ang mga mag-aaral na umupo nang pabilog sa *lesson area* upang maayos na maisagawa ang talakayan at mabigyan ang bawat mag-aaral ng pagkakataong magbahagi ng kanilang mga kaisipan at karanasan.

Talakayin at pag-usapan ang mga tanong batay sa kuwentong binasa. Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ibigay ang kani-kanilang kuro-kuro mula sa mga tanong.

- Ano ang nararamdaman mo habang binabasa ang kuwento?
- Sa iyong palagay, bakit nais ni Kaliwa at Kanan na di makita ang isa't isa?
- Ano kaya ang nararamdaman ng isang tao kapag hindi niya nakikita ang kanyang kapatid?
- Dapat bang magkakatulad o magkakaiba ang katangian ng mga magkakapatid? Bakit?
- Sa iyong opinyon, nagmamahalan ba sina Kaliwa at Kanan? Bakit?
- Sa paanong paraan natin maipakikita ang pagmamahal sa ating mga kapatid?
- Sa mga panahon nang di-pagkakaunawan bilang magkakapatid, nararapat bang humingi ng paumanhin o kapatawaran kahit hindi ikaw ang may kasalanan? Bakit?
- Kung may magagandang bagay na nangyayari o nagagawa sa buhay ng iba, matutuwa ka ba?
- Bakit may mga taong nagbubunyi kapag may masamang nangyari sa mga taong kanilang kaaway o kinaiinisan? Ano ang masasabi ninyo sa ganitong pagkilos?
- Maaari bang makamtan ang kapayapaan nang walang di-pagkakaunawaan? Magbigay ng halimbawa nito.

### 5. Pangkatang-Gawain

Upang tulungan ang mga mag-aaral na higit na maunawaan ang kuwento, magasagawa ng iba't ibang pangkatang gawain sa pamamagitan ng *Learning Centers*. Bumuo ng iba't ibang pangkat at ibahagi ang mga inihandang kagamitan ayon sa nakatakdang gawain.

**Pangkat 1 (Language Center):** Gumawa ng isang tula alay sa kapatid o mahal sa buhay. Lapatan ito ng tugtog.

**Pangkat 2 (Art Center):** Gamit ang art materials, gumawa ng isang greeting card na hugis tsinelas at isulat dito ang isang liham pangungumusta para sa iyong kapatid (kung walang kapatid, sumulat ng liham sa isang matalik na kaibigan).

**Pangkat 3 (MAPEH Center):** Ang *tumbang preso* ay isa sa mga natatanging larong Pinoy. Maglaro nito kasama ang iyong mga kagrupo.

**Pangkat 4 (Araling Panlipunan Center):** Mahalagang tandaan na ang bawat isa sa atin ay may iba't ibang hilig at kakayahan. Upang kilalanin ang bawat isang miyembro ng klase, bumuo ng isang mini book na nagpapakita ng mga natatanging hilig at kakayahan ng inyong mga kamag-aaral. Ilagay ang mini book sa inyong reading corner upang mabasa ng buong klase.

**IV. Paglalapat**

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Kung ikaw si Kaliwa o Kanan, paano ang gagawin mong pakikitungo sa bawat isa?
2. Saan nagkakarapareho at nagkakaiba sina Kanan at Kaliwa?

**V. Pagpapahalaga**

Ipaliwanag ang katagang, “Bawat isa sa atin ay may pagkakarapareho at pagkakaiba ng katangian.” Mas mabuti at mas masaya ang ating pakikisama sa iba kung tanggap natin ang mga katangiang ito sa ating mga kapatid at kaibigan.

**VI. Takdang-Aralin**

Basahin ang kuwentong “Alibughang Anak.” Isulat ang buod nito.

Sa anong paraan magkahalintulad ang mga tauhan sa kuwentong ito sa kuwentong binasa sa klase?